REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig City

OFFICE OF THE SECRETARY

Marso 12, 1998

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 97, s. 1998

KONGRESO SA SENTENARYO
(Ikalawang Kongreso ng Samahang Bicolano sa Wikang Filipino)

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong-Guro ng mga Pribadong Paaralan sa Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino at Bicol University, sa tangkilik ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon at Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ay magkatuwang na magtataguyod ng Kongreso sa Sentenaryo (Ikalawang Kongreso ng Samahang Bikolano sa Wikang Filipino) sa Munting Teatro ng Pamantasan ng Bicol sa Abril 22-24, 1998. Ang pangkalahatang paksa ng Kongreso ay: "Mga Mensahe at Kahalagahan ng Sentenyal".

2. Pagkatapos ng kongreso, ang mga dadalong kinatawan ay inaasahang:

a. mapapayaman ang kaalaman tungkol sa rebolusyong Filipino;
b. maisasanib ang mga mensahe ng sentenyal sa pagtuturo ng wika at kasaysayan; at
c. maitataas ang kakayahan sa pagtuturo ng mga akda ng mga bayaning Pilipino.

3. Inaasahang dadalo sa kongreso ang mga panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga puno/tagapag-ugnay ng Kagawaran ng Filipino at kasaysayan, mga kasapi ng Samahang Bikolano sa Wikang Filipino at mga piling kinatawan mula sa mga paaralang elementarya at sekundarya, pribado man o pampamahalaan. Kalakip nito ang programa ng mga gawain.

4. Manggagaling sa pondong lokal ang gugugulin ng bawat kinatawan sa pagdalo sa kongreso at ang bayad na pitong daang piso (P700.00) sa rehistrasyon para sa anim (6) na miryenda, tatlong (3) tanghalian, hand-outs at iba pang gugugulin kaugnay ng Kongreso sa pasubaling may pondo at sasailalim sa kaukulang patutuos at pag-aawdit.

5. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ERLINDA C. PEFIANCO
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
W a l a

Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONVENTIONS
SOCIETY or ASSOCIATIONS